

Apat na Taong Pagsikat ng Nakapapasong Araw: Musika sa Filipinas sa Panahon ng Hapon, 1942–1945

Raul Casantusan Navarro

World War II in the Philippines was as much a treacherous mind game as it was physical. While it brought almost total devastation to the cultural heritage bequeathed by the country's colonial past, it sought to create, albeit in the spiritual-emotional realm, a template of Asian-ism that the Filipinos were to live by as a supposed member of the Imperial Japan-colonized Greater East Asia Co-Prosperity Sphere. Songs, organizations, programs, speeches, religion and many other activities and things that could be used to sway the Americanized Filipino psyche were employed in this devastating "game of thrones".

This study questions how music and related propaganda materials were used to pacify and control the conquered Filipino nation. Music, to a degree, was symptomatic of the progress of the occupation, from the initial settling down of the Japanese soldiers to the seemingly quiet acceptance of many locals in occupied areas. In these stages of the war, imposed music crept into the consciousness of the conquered—from Japanese children's songs at the basic education level to the concert platforms with music composed by Filipino musicians heralding the Greater East Asia Co-Prosperity theme.

Keywords: World War II, Greater East Asia Co-Prosperity Sphere, Music, Propaganda, Philippines

Ang diskursong Lupalop ng Magkakasamang Kasaganaan sa Lalong Malaking Silangang Asya (o Greater East Asia Co-Prosperity Sphere) ng bansang Hapon ay kinapapalooban ng inisyal na pisikal at biyolenteng pananakop, panahon ng kooperasyon, ng kawalang-tiwala, at muling pagbawi sa "kalayaan" mula sa bagong panginoon (sa tulong ng naunang panginoon, Amerikano). Sa iba't ibang estadong ito ay naging aktibo ang mananakop sa paghimok sa Filipino para sa lubos na pagtanggap nito sa pagbabalik sa kulturang Asyano at pagtakwil sa nakagawian nitong kanluraning kamalayan.

Mula sa paglalabas ng mga batas na may kinalaman sa pagbabagong kultura ng Filipino, hanggang sa epekto nito sa mismong produksiyong kultural na naging talaan ng kasaysayan ng panahong ito, ang musika ay isa sa ginawang sentro ng diskursong mapanakop ng bansang Hapon. Maaaring tingnan ang musika sa panahong ito sa aspektong politikal, makabayan at/o maka-Hapon. Hindi maitatagging naging kasali ang musikang likha ng Filipino sa pagbuo ng "Bagong Filipinas"—"Awit sa Pagbuo ng Bagong Filipinas," "Dai-Atiw ng Kalibapi," "Awit ng Makapili," at iba pa.

Susubukang tingnan sa saliksik ang diskurso at kontra-diskursong "makabayan" para at laban sa Hapon ayon sa inilatag na mga batas, institusyon, at mga personalidad na naging aktibo sa pagsakop sa bansang Filipinas sa ilalim ng Greater East Co-Prosperity Sphere.

“Walong sulok ng daigdig sa ilalim ng iisang bubong.”
--HAKKŌ ITIU [ICHIU]¹

Sa loob ng mahabang panahon ng magkasunod na pananakop ng Espanya at Amerika sa Filipinas ay naging kanluranin ang oryentasyong kultural ng Filipino. Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, kabilang ang bansang Filipinas sa mga sinakop ng imperyalistang Hapon. Iba’t iba ang antas ng pakikialam ng administrasyong militar ng Hapon sa bawat bansang sinakop nito. Depende ito sa lalim at lawak ng pagka-Kanluran ng kamalayang pilit na hinubog sa ideolohiyang Greater East Asia Co-Prosperty Sphere (GEACPS) o Lupalop ng Magkakasamang Kasaganaan sa Lalong Malaking Silangang Asya². Ipinamukha ng Hapones sa Filipino na nilimot na ng huli ang Asyanong batayan ng kaniyang kultura. Sapilitan at opisyal na inendoso ang paghahanap sa Asyanong nakaraan sa tabon ng sapin-saping kultural na imposisyon ng mga naunang mananakop. Kung tutuusin, dayuhan na nga sa Filipino ang nakaraang Asyanong ugat niya dahil wala na halos siyang alaala nito maliban sa mga akademikong saliksik na sinimulan sa mga unang taon ng pananakop ng bansang Estados Unidos na nagrurok naman, sa aspektong pangmusika at sayaw, nang buuin ng administrayon ng Pangulong Jorge Bocobo ng Unibersidad ng Pilipinas ang komite na mangangalap ng katutubong sayaw at awit sa kapuluan bandang 1930s.




Fig. 1. Halimbawa ang mga imahen. Isang monograpo na nakasulat sa iba’t ibang lokal na wika. (“Kapayapaan at Kalayaan,” n.d.).

Mabigat ang naging tulak sa pagbawi sa katutubong kultura at paggamit ng mga lokal na wika kasabay ng pagpilit sa pagkatuto ng kamalayan at wikang Nihongo na siyang itinalagang opisyal na diskurso sa loob ng GEACPS. Ang mga opisyal na komunikasyon sa pamamagitan ng mga

limbag na monograpo, poster, mga anunsiyo, at musika ay mga halimbawa lamang ng aplikasyon ng proyektong pagbabagong-kamalayan sa ilalim ng paggabay ng administrasyong militar ng Hapon sa Filipinas.

Malimit na babanggitin ang GEACPS sa iba't ibang bahagi ng sanaysay dahil ang buong pananakop ng Hapon sa Silangang Asya ay nakapaloob at batay sa ideolohiyang ito, at bawat aktibidad sa mga sinakop na bansa, magkaiba man—sa aspektong pisikal/espiritwal/kultural—ay tinangkang dalisayin sa ilalim ng adhikaing binanggit.

May iba't ibang yugto ang pananakop ng Hapon sa Filipinas. Ang inisyal na daluyong ng digmaang *Greater East Asia* sa lipunang Filipino ay kinapapalooban ng pisikal at biyolenteng pagsalakay, sinundan ito ng iba't ibang paraan ng paghimok tungo sa “Asyanong” kolonyalismo—panahon ito ng iba't ibang uri ng propaganda at kolaborasyon, ng matinding takot, ng pilit na paglikha ng impresyon na nagbalik na sa normal ang buhay sa lipunan, at ng pagbibigay ng (huwad na) “kalayaan” sa ilalim ng parehong nanakop na Hapon at ng magbabalik na Amerikano.

Ang saliksik ay isang panimulang pag-aaral ukol sa kampanyang kultural ng imperyalistang Hapon sa Filipinas, partikular ang papel ng “gunka” o awit-pandigma at ilang lokal na awit sa kampanyang paksa.

Bukang-Liwayway

Ang umaga ng ika-8 ng Disyembre 1941 ay kakaiba sa mga nagdaang umaga. Ito ang araw na hindi inaakala ng sangka-Filipuhan na darating at magkakatotoo—ang pananakop ng Hapon at ang digmaang sinimulan nito sa Manchuria laban sa Tsina noong dekada 1930s. Nasa pampang na ng bansang Filipinas ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Mahigit tatlong taong sasakupin ng imperyong Hapon ang bansang Filipinas simula ika-2 Enero 1942, nang nagmartsa papasok ng Kamaynilaan ng puwesang militar Hapon, hanggang ika-23 ng Pebrero, nang matalo sa nawasak na Intramuros ang mga Hapon (Mojica, 1965, p. 1).

Ang mga unang buwan ng pananakop ay nakatala sa awit na “Hitoo Hakengun No Uta” o “Ang Awit ng mga Hukbong Hapon sa Filipinas.” Ang awit ay isang uri ng *gunka*. Narito ang unang tatlong saknong nito mula sa *Music Book Series, No. 1* (n.d.):

HITOO HAKENGUN NO UTA
 (“The Song of the Japanese Forces in the Philippines”)
Titik: T. Korehi
Musika: K. Hinomizu

O'er the vast expanse of southern skies,
With silver wings in bright array,

Flew the warbirds of Nippon.
On Nielson, Nichols, Clark they swooped,
Crushed in flash those “flying forts”
And those P-40 fighter planes.
Oh! Glorious victory.

Hundreds of ships, majestic fleet,
Plough through rough seas toward Luzon Isle.
Came down and then on palm-lined shores,
‘Spite rain of bullets, hail and steel,
Sprang forth our well-trained landing force.
Relentless, swift, and on we pass’d.
Oh! Glorious drive on Manila!

In virgin jungles untouch’d by man
Vales and chasms, through night and day,
Resounded to loud cannon-bursts
And clutter of machine-gun fire.
The foe gave way and on we rush’d
The Mariveles which fell so soon.
Oh! Glorious battle of Bataan! (n.p.)

Ang “Awit ng mga Hukbong Hapon sa Filipinas” ay isang paglalahad sa mabilis na pananakop sa kapuluan at sa mas mahalagang pagpapatalsik sa puwersang Amerikano at Britanya sa Silangang Asya. Alalahanin ang “blitzkrieg” o ang mala-kidlat o mabilis na pananakop ng bansang Alemanya sa Poland, Austria, Hungary, atbp. Ganito rin ang taktikang ginamit ng Hapon sa pagsalakay sa mga bansang hindi handa sa kanilang imposisyong militar—Singapore, Malaysia, Indonesia, Thailand, Myanmar [Burma], at Filipinas.³

Paksa ng awit ang mala-daluyong na pagbagsak ng mga bomba sa mga instratehikal na paliparang militar sa kapuluan. Nakapagtatakdang sampung oras matapos bombahin ng puwersang Hapones ang Pearl Harbor sa Isla ng Oahu, hindi pa rin pinakikilos laban sa Hapon ang mga nakaambang pandigmang eroplano sa mga paliparan sa Filipinas. Sabi nga,

Ten hours after the attack on Pearl Harbor, 200 Japanese aircraft based on Formosa (Taiwan) flew over Clark Field on the Philippine island of Luzon, the largest US air base in the world. They saw runways neatly parked with the most modern bombers and fighters in the USAAF [sic], B-17s and P40s. By 1 pm Japanese attacks on Clark and other Luzon airfields has destroyed 105 of the island’s 300 American warplanes for the loss of only seven of their own. (Noble, 1999, p. 40)

Kasunod ng puwersang panghimpapawid ng Hapon ay ang hukbong-dagat at sandatahang lakas nito na siyang nagsimulang lumusong sa mga katihan sa kapuluan. Pinaluhod ang lokal na depensa hanggang marating nila ang Kamaynilaan at sakupin ito sa unang linggo ng Enero 1942.

Sa pagtatangkang ipagtanggol ang huling sandigang Filipino sa Bataan, isang awit ang sumibol ukol sa karanasang pakikidigma ng pinagsamang hukbong Filipino at Amerikano laban sa Hapon.⁴ Maaaring batay na sa lumang himig ang awit at nilapatan na lamang ng bagong titik upang maging napapanahon at sang-ayon sa kasalukuyang karanasan. Narito ang tala ni Carlos P. Romulo noong 1943:

We're battling bastards of Bataan;
No Mama, no Papa, no Uncle Sam.

Hark! Ye brown-skinned men of might
Come from plain and hill.
Hark! The hour's come to fight;
'Tis the hour to kill!

CHORUS:

Sons of toil and liberty,
By that oath you swore,
Come, avenge this treachery,
Come, let's march to war!
Drive this yellow Japanese,
From your sky and shore.
Yours is the power,
This is the hour,
Fight for victory! (p. 239)

Sa pagbubukas ng awit ay ang linyang “No Mama, no Papa, no Uncle Sam.” Iniwan ng mga sundalo ang kanilang mga pamilya upang ipagtanggol ang bayan. Dahil lubos na ang pagka-Amerikano ng Filipino sa panahong ito, si “Uncle Sam” ay parte na ng kaniyang kamalayan. Masasabing awit din ito ng mga Amerikanong kaagapay na nakipaglaban sa giyerang iyon.

Sa unang dalawang linya ng awit ay maipapakahulugan na nakaalis na sa Bataan ang pamunuan nina Douglas MacArthur, Presidente Manuel Quezon, at Bise-Presidente Sergio Osmeña. Katulad ng nakatala na sa kasaysayan, nagapi ang pinagsamang puwersa ng Filipino at Amerikano. Si Maj. Heneral Jonathan Wainwright na siyang itinalagang mamuno ni Heneral Douglas MacArthur ay ginamit ng puwersang Hapon upang hikayating sumuko na ang mga nananatiling pumipigil sa lubos na pananakop ng Hapon.

Makikita na sa simula pa lamang ng pananakop ay ginamit ang awit bilang propaganda—sa kaso ng Hapon, upang ipagbunyi ang matagumpay paglusob sa Filipinas, bilang patunay sa taglay na lakas militar. Sa kabilang banda, ang awit ng mga sundalong Filipino at Amerikano ay may pakay na paigtingin ang pakikipaglaban sa puwersang Hapon.

Gayumpaman, sa pagbabalik sa awit na “The Song of the Japanese Forces in the Philippines,” ipinagbunyi nito ang tagumpay ng puwersang hapon sa pakikidigma sa Mariveles, Bataan. Ito rin ang unang limbag na awit na nagtala sa labanang naganap sa Bataan na sinundan ng Bataan Death March.

Lupalop ng Magkakasamang Kasaganaan sa Lalong Malaking Silangang Asya



Fig.2. Pabalat ng isang babasahin ukol sa GEACPS. (UP Main Library, Special Collections).

Maraming diskurso ang nakapaloob sa GEACPS, ngunit iniwasan ang opisyal (o limbag) na diskursong mapaniil sa mga publikong pagtitipon. Sa halip, idiniin ng administrasyong militar ng Hapon sa Filipinas ang katulad ng sumusunod na adhikain na makikita sa ikalawang tomo ng *Official Journal of the Japanese Military Administration* noong 1942:

You have now entered upon a new era of re-construction in this country. The re-construction which this country requires now is two-fold: it is both in material and spirit... you must eradicate all the fundamental evils... **the people of this country have long been taught by Americans to put too much importance on the material side and physical comfort in life...**

The course which the Philippines should follow in the future will be the course to escape from her former position as a captive of the capitalism of the United States to liquidate the unnatural culture borrowed from a faraway country and the industrial organization

as a colony of a foreign power, to return to the original features of an oriental people... (p. v-vi) (akin ang diin)

Hindi maitatangi ang implikasyon ng pananakop sa katawan at kamalayan. Sakit ang aktuwal na idinulot ng panimulang hakbang ng pananakop sa sinakop. Hindi ito pumasok sa antas ng opisyal na diskurso at nanatili lamang sa mga piitan at pasilidad na pandigma. Ang pagbabalik sa Asyanong kultura sa aspektong materyal at espirituwal o kamalayan ang higit na pinag-usapan sa mga pagtitipon at publikong panayam.

Upang mabago ang batayang kultura ng Filipino, mabilis na ipinataw ang pagbabagong-kamalayan sa pamamagitan ng re-edukasyon. Maagang binigyang-pansin ang halaga paaralan tungo sa pagtatagumpay ng pananakop. Ang totoo, ika-20 pa lamang ng Enero 1942 ay nanawagan na ang Administrasyong Militar ng Hapon na muling buksan ang mga paaralan, partikular ang elementarya at sekundarya. Nakatala ang panawagang ito sa unang tomo *Official Journal of the Japanese Military Administration* (1942, p. 5).

Sa musika, makikita ang mga aklat na *Japanese Song Series* (2 tomo) (n.d.) at *Music Book Series* (2 tomo) (n.d.) na inilabas ng *Department of Education, Health and Public Welfare*, sampu ng mga limbag na awit sa *Shin-Seiki/BagongAraw/New Era* at iba pang babasahin. Ikinalat din ang mga aklat pangwika tulad ng *Fundamental Japanese for Filipinos*, at salin nitong *Mga Pang-unang Saligan ng Wikang Hapones ng Manila Shinbun-Sya* bilang batayan ng pag-aaral ukol sa kultura at wikang Hapon.



Fig. 3. "AIUEO No Uta." Isang awit ukol sa wikang Hapon (*Music Sheet*, n.d.).

Ang “AIUEO No Uta” o ang “Awit ng AIUEO” ay isang paghimok upang madaling maalaala ng Filipino ang *kana* o pantigan ng wikang Hapones (*Sheet Music*, n.d.). Kasama ang laksa pang mga awit, ito ay isa lamang halimbawa kung paano sinubukang pasukin ang kamalayan ng Filipino—inalam ang hilig ng Filipino sa pag-awit, at dito inilapat ang batayan ng wika, hindi sa *romaji* (pantigan sa kanlurang ispelang) kundi sa mismong tunugan at isa sa tatlong batayan ng sistemang pagsulat (katakana, hiragana, kanji) ng *Nihongo* o wikang Hapon. Bukod sa mga awit, maraming iba pang limbag na babasahin ang inilabas ng administrasyong militar ng Hapones at mga kaalyadong ahensiya na itinatag nito upang suportahan ang pangkulturang tulak ng pananakop, upang madaliin ang pagbabago ng Filipino, partikular sa paggamit ng wikang Hapon. Halimbawa nito ang mga imahen sa ibaba—diksyonaryo, sangguniang pangwika, at iskrip para sa radio ukol sa pag-aaral ng wikang Hapon.

Ang iba pang midya na ginamit upang masakop ng kultural na kampanya




Fig. 4. Mga pabalat ng babasahin ukol sa wikang Hapon nakuha mula sa UP Main Library, Special Collections.

ang buong lipunang Filipino ay ang sumusunod: mga babasahin katulad ng magasin, mga leaflet at poster, mga anunsyo sa bulletin ng mga asosasyong pangkomunidad, sine, at radyo kung saan may nakatakdang mga programa at oras sa pagtuturo ng wikang dayuhan.

Ang radyo ang isa sa mga modernong midya na mabilis na nakapagpapakalat ng mensahe ng mananakop. Nariyan ang arawang pagsasahimpapawid ng mga programang sinasagap mula sa Tokyo at iba pang sakop na teritoryo/kolonya. Sa radyo rin ipinadaan ang maingat na pagkontrol sa kilos ng katawan tuwing umaga sa *Radio Taiso*, iba pang musikang Hapon, at mga leksiyon sa *Nihongo*. Dahil sa kakayahan ng radyo na magpalaganap ng impormasyon, kinontrol din ng administrasyong militar Hapon ang nilalaman ng mga mensaheng isinasahimpapawid

sa pamamagitan nito. Katunayan, ang lahat ng radyo ng mamamayan ay inatasang isumite sa kinauukulan upang marekondisyon at mga opisyal (pinahintulutan) na programa ang dapat lamang masagap nito. Lalong higit ang kontrol sa may kakayahang magbrodkas ng mga programa sa radyo. Ayon nga sa opisyal na anunsiyo noong ika-9 ng Enero 1942 sa *Official Journal of the Military Administration*:

1. All the residents of the Philippine Islands are prohibited from using amateur radio stations, irrespective of nationality of the owner thereof.
2. All owners of amateur radio stations are requested to register at the Headquarters of the Japanese Imperial Forces at the Elk's Club, Manila.
3. All who violate the above will be severely punished. (p. 17).

Kasunod nito ang pagkontrol sa mga limbag na midya—diyaryo, magasin, pamphlet, atbp., noong ika-7 ng Pebrero 1942, sa isa pang proklamasyon ng Administrayong Militar ng Hapon (p. 12).



Fig. 5. Ang sumusunod na imahen ay mula sa Abril 1943 sipi ng *Shin Seiki—Bagong Araw—New Era* ng Manila Shinbun-Sya (n.p.)

Ang mga babasahin o anunsiyo ukol sa kultural na propaganda ay nakatanim sa mga aktibidad ng *Propaganda Corps* (sa ilalim ng Imperial Japanese Forces), *Nippon Bunka Kaikan*, *Kawanihan ng Pagbabalita at Katiwasayang Bayan* (ng Kagawarang Panloob—Maynila), *Gun-Hodobu and Manila Hosokyoku*, *Department of Information, New Philippines*

Cultural Institute, at ang nabanggit nang *Department of Education, Health and Public Welfare*.

Mula sa paglalabas ng mga batas na may kinalaman sa pagbabagong-kultura ng Filipino, hanggang sa epekto nito sa mismong produksiyong kultural na naging talaan ng kasaysayan ng panahong ito, ang musika ay isa sa mga ginawang sentro ng diskursong mapanakop ng bansang Hapon.

Ang GEACPS ay tumatayo rin sa pakay ng bansang Hapon na alisin ang impluwensiyang kultural (at pisikal!) ng mga bansang Estados Unidos at Britanya sa Silangang Asya. Diskurso rin ito ng digmaang sinimulan ng bansang Hapon laban sa mga binanggit na mananakop mula sa Kanluran. Nang lumaon, sa ginanap na *Tokyo Conference*, binuo na ang naratibo ng GEACPS batay sa pagkakasundo at paggabay ng liderato ng bansang Hapon. Narito ang *Joint Declaration* ng mga bansang kaanib at inanyayahang lumahok sa kumperensiya ng *Greater East Asia* sa Tokyo noong ika-5 at 6 ng Nobyembre 1943:

1. The countries of Greater East Asia, through mutual cooperation, will ensure the stability of the region and construct an order of common prosperity and well-being based upon justice.
2. The countries of Greater East Asia will ensure the fraternity of nations in their region by respecting one another's sovereignty and independence, and practising mutual assistance and amity.
3. The countries of Greater East Asia, by respecting one another's tradition and developing the creative faculties of each race, will enhance the culture and civilization of Greater East Asia.
4. The countries of Greater East Asia will endeavor to accelerate their economic development through close cooperation upon a basis of reciprocity and to promote thereby the general prosperity of their region.
5. The countries of Greater East Asia will cultivate friendly relations with all the countries of the world; work for the abolition of racial discrimination, the promotion of cultural intercourse, and the opening of resources throughout the world; and contribute thereby to the progress of mankind. ("Greater East Asia Joint Declaration," 1943, p. 2-3)

Hindi na naging epektibo ang deklarasyong ito dahil pagkatapos ng mabilis na pagsulong ng puwersang Hapon sa Silangang Asya noong 1942

ay unti-unti na ring nagbago ang kanilang kapalaran sa giyerang sinimulan. Maaaring ginamit sa mga publikong talumpati ni Presidente Jose Laurel at mga kasamang delegado sa kumperensiya—Claro M. Recto at Quintin Paredes, ngunit sa kabila nito ay lumakas din ang pag-asa ng mamamayang Filipino na babalik ang “tagapagligtas” na si Heneral Douglas MacArthur at mga sundalo nito. Nasagap ang mga balita ukol sa napipintong pagbabalik ng heneral sa pamamagitan ng shortwave na radyo na hindi rehistrado o di *reconditioned* sa mga lokal na pamahalaang militar ng Hapon.

Ang pagsasanay ng Filipino sa “pagkakapatiran” sa loob ng Greater East Asia Co-Prosperity Sphere ay hindi lamang sa antas na pisikal, kundi higit sa pangkamalayang aspekto ng kampanya. Sabi nga, “the old idea of reliance upon the U.S.A. and Great Britain shall be eradicated and, as Orientals, the Filipinos should elevate morals, think highly of labour and cure the overemphasis on materialism” (*The Official Journal*, 1942, p.14). Kultural ang punto ng diskurso ng GEACPS kung kaya’t nangailangan ito ng kultural na midya at estratehiya upang mabilis na makamit ang pagbabago.

Nagsimula ang misyong kultural sa Filipinas na may pakay na ipakilala ang kamalayang Hapon at tuklasin ang Asyanong batayan ng Filipinong lipunan sa pamamagitan ng musika, wika, at mga pisikal na aktibidad. Itinatag halimbawa ang *New Philippines Cultural Institute* sa Tagaytay na parte pa ng Cavite noong 1943 upang maging pasilidad-pagsasanay, sa loob ng tatlong buwan, ng mga Filipinong piniling maglingkod sa administrasyong Hapon. Dumating naman sa bansa ang isang *Nippon Musical Mission* ilang linggo matapos ang pagpapasinaya ng “malayang” Republika ng Filipinas noong ika-14 ng Oktubre 1943 (*Shin Seiki*, Dec. 1943). Nasa kapuluan na ang misyon noong ika-28 ng Oktubre, ngunit nagsimula itong magtanghal noong umaga ng Nobyembre 14 sa Metropolitan Theater, kasama ang New Philippines Symphony Orchestra na may 150 miyembro; ang sumunod ay noong Nobyembre 20 na ginanap din sa Metropolitan Theater; at ang ikatlo at panghuling pagtatanghal ay ginanap noong ika-21 ng Nobyembre sa Rizal



Fig. 6. Ang pagdating Nippon Musical Mission noong ika-28 ng Oktubre 1943 (*Shin Seiki*, Dec. 1943, n.p.).

Memorial Stadium, kasama ang Philippine Constabulary Band at New Philippines Symphony Orchestra, at mga musikong sina Alfonso Fresnido, Felipe de Leon, Antonino Buenaventura, Daniel Fajardo, at may 300 mang-aawit na umawit sa musikang “Grand March of the Free Philippines” na likha ni Kosaku Yamada. (*Ministry of Foreign Affairs Bulletin*, 1943, p. 49-50) Narito ang larawan nina Teruko Tsuji (lyric soprano), Ruriko Tominaga (pianist), Yoiti Hiraoka (xylophonist), at Kosaku Yamada (conductor) nang dumating sila sa kapuluan (*Shin Seiki*, Dec. 1943).

Gaya ng partisipasyon ng apat sa mga kilalang Filipinong musiko sa Nippon Musical Mission (Fresnido, de Leon, Buenaventura, at Fajardo),




Fig. 7. Awit mula sipi ng isyung May 1944 ng *Shin Seiki-Bagong Araw-New Era* (1944).

naging aktibo sa paglikha at pagtatanghal ang iba pang Filipinong musiko tungo sa pagpupuno ng layunin ng GEACPS. Naging kasangkapan ang musika bilang propaganda at tagahatid-mensahe ng pananakop. Makikita halimbawa sa mga titik ng awit sa panahong ito ang pagsang-ayon sa diskursong isinulong ng administrasyong militar ng Hapon.

Ang awit na “Tayo’y Magtanim” na likha ni Felipe de Leon ay nagpapahiwatig ng kamalayang agrikultural. Isa sa mga Asyanong katangian na pilit ibinabalik ng mananakop—ang pagmamahal sa manwal na gawain, katulad halimbawa ng pagtatanim na lubos na kailangan sa panahong iyon dahil sa lumalalang kakulangan sa pagkain sa kapuluan, partikular sa mga siyudad. Isa lamang ito sa mga paksang isinulong sa mga awit na nakalimbag sa mga sipi ng binanggit na *pictorial magazine* (*Shin Seiki*, 1943) na lumalabas minsanan isang buwan. Upang maipakilala nang lubos ang mga batayang pagbabago sa lipunan, kailangang putulin ang reperensiya ng Filipino sa kaniyang kanluranin at rebolusyonaryong nakaraan (kolonyal na kamalayan dulot ng kanyang Hispanisasyon at Amerikanisasyon, at rebolusyonaryong alaala dulot ng di natapos na Rebolusyong 1896). Ipinagbawal una sa lahat ang pag-awit ng “Himno Nacional” o “Lupang Hinirang” na simbolo ng

pagnanasang maging malaya. Sa halip, nilikha sa pamamagitan ng isang patimpalak ang “Awit sa Paglikha ng Bagong Pilipinas” na ipinalit sa pambansang awit. Mahigit 100 na pangunahing makata at manunulat ang lumahok sa patimpalak ng Manila Shinbun-Sya para sa pagbuo ng mga titik ng awit. Ang tula ni Catalino S. Dionisio ang nagwagi at hinirang na karapat-dapat para sa pakay ng GEACPS. Ang musika ay nilikha naman ni Felipe de Leon. Narito ang mga titik ni Dionisio:

AWIT SA PAGLIKHA NG BAGONG PILIPINAS
(Unang isinapubliko noong 20 Disyembre 1942)

Tindig, aking Inang Bayan
Lahing pili sa Silangan,
Iwaksi natin ang nakaraan,
Yakapin ang bagong buhay.

Hawakan ang Watawat
Ng pagpapakasipag;
Ibandila, iwasiwas
Ang pagbabagong-tatag.

Lakad at harapin
Pagtatanggol sa layunin;
Hirap, sakit ay tiisin
Upang makamit ang mithiin.

Gumawa, bumuo at magbata,
Itatag ang Silangang Asya;
Lupalop na maginhawa,
Kasaganaang sama-sama.
(KALIBAPI, n.d., n.p.)

Mapupuna na sa halip na soberanya ang mensahe, at bukod sa pagtatag ng bagong bayan, naging sigaw ng “Awit sa Paglikha” (na kilala rin sa mga unang titik ng awit na “Tindig, Aking Inang Bayan”) ang partisipasyon ng Filipino sa pagbuo ng Lalong Malaking Silangang Asya. Sa halip na watawat ng bansa, “watawat ng pagpapakasipag” at “pagbabagong-tatag” ang isisigaw nito. At sa halip na kalayaan ng bansa mula sa mananakop ang dapat ipagtanggol ng Filipino, “layunin” at “mithiin” tungo pagkakaisa at pagbuo ng “Silangang Asya” ang tuon nito. Masasabing pasok na pasok ito sa diskurso ng GEACPS. Makikita sa Fig. 8 ang musikang limbag at pabalat ng awit.

Sinasabi sa pabalat na nakaraan na ang isang taon mula nang simulan ng bansang Hapon ang pagbuo ng Greater East Asia Co-Prosperity Sphere, at

sinisimbolo ng awit ang pagdiriwang ng unang taon ng pagkatatag nito. Ang paglikha ng “Bagong Pilipinas” ay simbulo rin ng pagbabagong-kamalayan ng Filipino, mula maka-Kanlurang pananaw tungong Asyano.

Suportado ng pamunuang Hapon at Filipino ang paglulunsad ng awit sa Metropolitan Theater sa Maynila. Dinaluhan ito nina Punong Talastasan



Fig. 7. Nabuo sa pamamagitan ng isang patimpalak ang musika at titik ng “Awit sa Paglikha ng Bagong Pilipinas.” Ginawa ng Manila Shinbun-Sya ang patimpalak para sa pag-alala ng unang anibersaryo ng “Greater East Asia War.” Sheet Music na inilimbag ng Manila Shinbun-Sya (*Shin Seiki-Bagong Araw-New Era*, 1943, pp. 14-15).

Jitaro Kihara, Punong Jorge Vargas, at Pangulong Masao Matsuoka ng *Manila Shinbun-Sya* (*Shin Seiki*, January 1943, p. 17).

Linggo ng umaga nang unang inawit ng mahigit 200 mang-aawit ang “Awit sa Paglikha ng Bagong Pilipinas” noong ika-20 ng Disyembre 1942



Fig. 9. Makikita sa ibabang larawan si Felipe de Leon na ikinukumpas ang “Awit sa Paglikha ng Bagong Pilipinas” sa paglulunsad nito (*specific citation*).

(*Shin Seiki*, 1943, p. 15). Ayon sa teksto na kasama ng larawan kung saan ikinokompás ni de Leon ang koro, ang mga mang-aawit ay kinabibilangan ng pinakamahuhusay at sikat na tagatanghal sa mga teatro sa Maynila. Sinaliwan ng isang orkestra ang pagtatanghal. Isinahimpapawid sa radyo ang pag-awit, at sinabing mabilis itong naging popular (*Shin Seiki-Bagong Araw-New Era*, 1943, p. 15). Binanggit nga sa artikulong “A Patriotic Song is Born” ng *Shin Seiki-Bagong Araw-New Era* noong Enero 1943, na

Only a few days have passed since the launching of this new song, but there are already many reports of its rapid spread in the provinces, in all nooks of the Philippines. In places where young people congregate, in spots when children play, in fields where laborers toil—in all these places can be heard being sung or hummed the “Song for the Creation of New Philippines.” (p. 15)

Mahusay sa kultural na manipulasyon ang Hapon. Ang puwersa ng 200 mang-aawit ay nakamamangha na, ngunit ang kombinasyon ng 200 pinakakilala at tinitingalang artista ng entablado ay pambihira. Sa isang lipunang madaling masilaw sa kinang ng mga bituin, ang 200 pinagsamang mga idolo ay lubhang kahanga-hanga. Hindi nga kataka-takang tangkilikin ng taumbayan ang awit ilang araw matapos itong awitin ng mga hinahangaang artista. Bukod dito, malawak din ang sakop ng paglulunsad, kaagapay ng teatro, inilunsad din ito sa radyo, at inilimbag sa mga magasin at diyaryo. Ayon sa isang panayam kay de Leon, “hindi niya inakala na magiging tanyag ang awit, na halos makakamit nito ang antas ng pambansang awit” (Samson, 1976, p. 116).

Ang ipinagbawal na “Pambansang Awit ng Pilipinas” (na kilala rin sa pamagat na “Lupang Mapalad” mula sa mga unang titik ng salin sa Filipino) ay pinayagan nang awitin at tugtugin matapos ideklara ang “kalayaan” ng Filipinas noong 1943. Ang orihinal na mga titik ni Jose Palma sa wikang Espanyol ay isinalin sa wikang Filipino ng *Surian ng Wikang Pambansa*. Narito ang kontemporaneong salin:

PAMBANSANG AWIT NG PILIPINAS

Tugtugin: Julian Felipe

Lupang mapalad na mutya ng Silangan,
Bayang kasuyo ng sangkalikasan,
Buhay at yaman ng kapilipinuhan,
Kuha't bawi na sa banyagang kamay.

Sa iyong langit, bundok, batis, dagat na pinaglupig,
Nalibing na ang karimlan ng kahapong pagtitiis,
Sakit at luha, hirap, dusa, at sumpa ng pag-amis,
Ay wala nang lahat at naligtas sa ibig maglupit.

Hayo't magdiwang lahi kong minamahal
Iyong watawat ang s'yang tanglaw,
At kung sakaling ikaw ay muling pagbantaan
Aming bangkay ang s'yang hahadlang. (Music Book Series, No. 2, n.d., p. 1-2)

Katulad ng mas maagang pagbabawal sa publikong pag-awit at pagtugtog ng “Himno Nacional,” ang panahon na pinayagan ang muling pag-awit nito ay ipinalalagay na ligtas na sa usaping politikal. Mapapansin din na ito ay ang unang pagsasalin ng awit sa wikang Filipino. Naisalin na ito sa maraming bersiyon sa wikang Ingles, ngunit ang salin nina Mary Lane at Camilo Osias na inilimbag sa *Progressive Music Series*, 1932 edisyon, ang tinanggap na opisyal na salin sa wikang iyon. At gaya rin ng unang pagpapahintulot na muling awitin ang himno, inakalang hindi na ito epektibo bilang panawagan upang ipagtanggol ang bayan mula sa mananakop, dahil nagkaroon na ng impresyong normal na ang takbo ng lipunan, kahit sa kabila ng katotohanang nasa ilalim pa rin ito ng pananakop ng dayuhan at diktaduryang puwersa. At ang salin sa kasalukuyang pagtatapos ng awit na “Aming ligaya na pag may mang-aapi / ang mamatay nang dahil sa iyo” ay isinalin sa panahong iyon na “At kung sakaling ikaw ay muling pagbantaan / aming bangkay ang siyang hahadlang.” Nawala ang aktibong pagtatanggol para sa bayan, dahil bangkay na ang haharap sa kaaway. Sa bersiyon ding ito ay, ang linyang “muling pagbantaan” ay hindi sa Hapon nakaturo, kundi sa Amerikano, dahil sila lamang ang nagbabantang magbabalik sa Filipinas upang “iligtas” ang Filipino mula sa mga Hapon (Lane at Osias, 1932).

Matapos ang patimpalak kung saan hinirang na nagwagi ang mga titik ng “Awit sa Paglikha ng Bagong Pilipinas” ni Dionisio, muling nagdaos ng isang patimpalak ang Manila Shinbun-Sya. Sa pagkakataong ito ay isang martsa naman ang itinanghal na nagwagi. Ang titik ng awit na “Martsang Bagong Pilipinas” ay isinulat ni Ismael Blanco at ang musika ay nilikha ni Lucio D. San Pedro. Itinanghal ito ng makalawang beses sa umaga at hapon ng ika-9 ng Abril 1943 sa Luneta. Sa paunawa ng magasin na *Lingguhang Nippongo* (1943), nakiusap na dumugin ang palabas sa hapon dahil ituturo sa publiko ang paraan ng pag-awit ng martsa. (Dahil ang musikang limbag na nakita sa aklatan ng Unibersidad ng Pilipinas ay nakahiwalay sa pinanggalingang babasahin, ang pagtantiya sa taon ng paglilimbag nito ay ibinatay sa nakatalang *curriculum vitae* ng kompositor sa aklat na *Contemporary Filipino Composers* ni Helen Samson, kung saan sinasabi na taong 1942–1943 ginanap ang sinalihan at pinanaluhang patimpalak ni San Pedro para sa kanyang “March-Hymn.”) Narito ang titik ng awit na tumatalakay sa partisipasyon at karanasan ng bansang Filipinas sa GEACPS:

MARTSANG BAGONG PILIPINAS

Titik: Ismael Blanco

Musika: Lucio D. San Pedro

Ang layunin ng Bayan kong mahal

Ay lumaya nang lubusan

At ang Silangan ay sa taga Silangan,
Lupalop ng kasaganaan.
Bagong buhay sa Silangan

Ang naidulot sa atin ng Digmaan,
Saan man dako'y may kasiyahan
Pagkat mithi ay nakamtan.

At salamat araw ay sumikat,
Ang dilim ay dagling nagliwanag,
Iyan ang tanging pag-asa bukas
Ng ating Bagong Pilipinas. (*Music Sheet*, n.d., n.p.).

Martsa ng KALIBAPI

Ano ang KALIBAPI? Ang Kalibapi ay ang *Kapisanan sa Paglilingkod sa Bagong Pilipinas*. Ayon sa *Department of Public Information*, ito ay may pakay na “pagsisikap, paglilingkod, at pagkakaisang ukol sa Bagong Pilipinas” (“Ano ang Kalibapi?” n.d., p. 2) “Ang tagumpay ng Kalibapi ay tagumpay ng ating Kasarinlan” (“Dai Atiw Kalibapi,” n.d. n.p.) ang ipinangalandakan ng samahang Kalibapi. Ito ay pambansang ugnayang may kinalaman sa kultural na paghahanda ng Filipino sa pagkakamit ng kasarinlang ipinangako ng administrasyong militar ng Hapon sa pamamagitan ni Punong Ministro Hideki Tojo. Ang paghahandang ito ay nangahulugan ng matinding kolaborasyon ng Filipino sa Hapon.

Ang KALIBAPI ay pinamunuan ni Benigno Aquino, Sr. Masakop ang papel ng organisasyon. Ayon sa opisyal na pahayag, sa Executive Order No. 109, Section 3 (1942), na inaprobahan ng Administrasyong Militar ng Hapones noong 4 Disyembre 1942, binuo ang Kalibapi para sa sumusunod na mga pakay:

1. To render such services as will bring about the rapid reconstruction of the Philippines and the rehabilitation of its people...
2. To ensure a stable foundation for the New Philippines by fostering (a) cultural, moral, spiritual, and economic advancement of the people by giving encouragement to the above-mentioned activities and by invigorating in them such oriental virtues as hard work, faith, self-reliance, loyalty, bravery, discipline, and self-reliance; and (b) the development of a more sturdy and vigorous race of Filipinos by attending to the physical development of the people through a wise supervision of physical exercise and wholesome recreational and

- outdoor activities, particularly sports, and athletic meets and contests;
3. To assist the Filipino people in fully comprehending the significance of, and to strengthen their adherence to, the principles of the Greater East Asia Co-Prosperity Sphere;
 4. To secure for the New Philippines its rightful place in the Greater East Asia Co-Prosperity Sphere as a worthy member thereof;
 5. To adhere strictly to the policies of the Imperial Japanese Forces in the Philippines in their administration and to render service in the establishment of the Greater East Asia Co-Prosperity Sphere; and
 6. To do any and all acts which will facilitate the reconstruction of the New Philippines, and contribute to the advancement of the Greater East Asia Co-Prosperity Sphere. (“Dai Atiw Kalibapi,” n.d., n.p.)

Narito ang mga titik ng opisyal na “Martsa ng KALIBAPI”:

DAI-ATIW NG KALIBAPI
 Nang mayanig ang Silangan
 At palisin ang kaaway,
 Ang sa Pilipinas na buhay
 Nagkamit ng kaningningan.

Kalibapi, kapisanan
 Ng lahat ng mamamayan,
 Walang tangi at lapian,
 Isang lahi, Isang bayan.
 Buong pagkakapatiran
 Tulong-tulong, damay-damay.

Magpaunlad, magpalakas,
 Limutin ang nakalipas,
 Lisanin ang pankat-pankat
 Ang ligaya’y panlahat.

Pilipinas, paunlarin
 Isip nati’y pakislapin,
 Ilog, bundok at bukirin,
 Lahat ating pagyamanin. (*Music Sheet*, n.d., n.p.)

Narito naman ang musikang limbag:

Dai-Atiw ng Kalibapi
Original Music of the Kalibapi

"KAPISANAN SA PAGLILINGGOD SA BAGONG FILIPINAS"

Published by the Bureau of Printing (HAWAII)

Fig. 10. Kopya ng awit na “Dai-Atiw ng Kalibapi.” mula sa UP Music Library. (Dai Atiw ng Kalibapi, n.d., n.p.)

Makikita sa mensahe ng awit na malakas ang impluwensiya ng diskursong *Hakkō Ichiu* o pagkakapatiran sa binubuong lalong malaking Silangang Asya. Ngunit hindi lingid sa lahat na ang pagkakapatirang ito ay nakabatay sa panlalamang at militaristikong paggamit ng bansang Hapon sa *raw materials* mula sa iba’t ibang bansa sa Asya na sinakop nito.

“Tulongan, damayan, pagkakaisa”—mga ideang magpupuno sana sa isang lipunang mayroong nag-iisang politikal na samahan. Mahihinuha rin sa mensahe ng awit ang bakas ng *New Order Movement* na itinatag sa bansang Hapon noong ika-12 ng Oktubre 1940 na nagbigay tuldok sa magkakaibang politikal na samahan upang buuin ang nag-iisang politikal na entidad sa ilalim ng bagong kaayusan ng lipunan (Hotta, 2013, p. xxiii).

Hindi inanunsiyo ang pangalan ng lumikha ng titik ng *Martsa ng Kalibapi*. Sa pag-iimbetiga ng mga gerilyero, ang mga ebidensiya ay nakaturo kay Benigno Ramos bilang may akda nito. Dahil daw sa pagtataksil ni Ramos, napagkasunduan na ipapapatay ito sa tamang panahon. Ngunit nalimutan ang banta nang dumating ang panahong malaya na ang Filipinas mula sa pananakop ng Hapon (Agoncillo, 1965, p. 586-587).

Bukod sa mga lokal na likhang musika, marami pang inilimbag na nasa wikang Hapon at salin nito sa wikang Ingles at Filipino na may layuning makamit ang sumusunod:

1. Ipakilala ang kulturang Hapon—mula sa mga awit na limbag sa iba't ibang babasahin o magasin. (*Kimigayo*, *Tenchoo-Setsu*, *Meiji-Setsu*, atbp.)
2. Maging katuwang sa pag-aaral at pagtuturo ng wikang Hapon—hal. “Song of AIUEO,” “*Hatsuon-Hyo*” [*pronunciation guide*] at mga aklat ng mga awit at musikang Hapon.
3. Ipaalala ang husay ng lakas militar ng bansang Hapon sa mga awit na *gunka*—katulad ng “Gunkan Kooshinkyoku” [March of the Warships], “Sooda Sono Iki” [The Spirit that Defends], at “Kurongane No Chikara” [Strong as Iron]—mula sa *Music Book Series*, No. 2.
4. Pagtataas sa lahing Hapon—“Kokumin Singun Ka” (The Song of the Nation’s March), “Aikoku Koshinkyoku” [Patriotic March], “Kozyo No Tuki” [The Moon on the Ruined Castle],
5. Upang maging katuwang sa pisikal na disiplina—aklat ng *Radio Taiso Textbook for Instructors and Music Note for Radio Taiso*.
6. Pagpupuri sa husay ng sundalo o lideratong Hapon—sa *Martsa Heneral Wati* ni Francisco Buencamino, Sr., atbp.

Iba’t iba at malawak ang kultural na sakop at ang paksa ng mga awit. Ngunit isa lamang ang seguridad, kalkulado ang epekto nito upang ipanghimok sa kamalayang binabago at hinuhubog. Sabi nga ni Kushner (2006), hindi kailangang maging lohikal ang paghimok dahil ang punterya nito ay ang emosyon at opinyon at hindi ang pagninilay May pakay din itong magbahagi ng kaalaman tungo sa partikular na pakay (p. 4).

Katapusan

Sa pagtatapos ng digmaan, tinangka ng Filipino na burahin sa isip ang bangungot na dala ng pananakop. Kasabay nito ay pilit kinalimutan ang impluwensiyang dala ng pananakop ng Hapon. Ngunit dahil sa digmaang ito, nagising nang bahagya ang Filipino na dapat pagyamanin ang sariling kultura, wika at sariling literatura.

Halos kasabay ng dumating na kalayaan mula sa mananakop na Hapon ay muli namang yumakap ang Filipino sa bisig ng dating kolonyal na panginoong Amerikano. Sa kabila ng pagkakamit ng huwad na kalayaan sa pamamagitan ng pagtatatag ng “puppet na gobyernong” Republika ng Filipinas noong [Oktubre] 1943, pangarap pa rin ng Filipino ang “kalayaang” may basbas ng Amerika.

Ang sintomas ng opisyal at muling manikluhod ng Filipino sa Amerika ay nakatala at makikita sa *NOTES on Post-War Reconstruction and Rehabilitation* ng Filipinas na inilimbag ng Bureau of Printing noong 1945. Ayon dito:

1. The instruction in our schools should continue to be in English. **English classes should be taught by Americans...**
2. **More American teachers, scholars and scientists should be brought to the service of the government.**
3. **The study of American history and of American institutions should be made more extensive and intensive** in our higher institutions of learning.
4. **Philippine literature in English should be cultivated and encouraged** more and more among our men and women of letters.
5. **Scholars should be sent regularly to America to pursue specialized studies in American universities.** (Confesor, 1945, p. 40)
6. **The employment of foreigners other than American in our private schools be strictly regulated** to prevent the entrance of subversive elements as teachers of our youths. (Confesor, 1945, p. 40) (akin ang diin)

Noong 1945, nabawi nga ang pisikal na kalayaan mula sa Hapon, ngunit bukas-bisig na inanyayahan ang Amerika bilang “panginoong tagapagligtas” at ang kultural na bagaheng dala niya. Senyales ito ng pagsisimula ng relasyong neo-kolonyal ng Amerika at Filipinas. Mula sa isang panginoon, tungo sa dating panginoon.

Sa pagbabalik ng mga Amerikano, ang musika ay dagling humihip muli ng kanluraning melodiya at ritmo. Ang pagtatangka ng imperyalistang Hapon na baguhin ang Filipino ay naudlot sa maikling panahon ng pananakop nito. Marahil kung umabot ito ng apat na dekada, katulad ng naunang pananakop ng Estados Unidos, maaaring nanatili ang mga pagbabagong tinangka nitong ipilit sa Filipino. Ngunit ang pag-iisip ng apat na dekadang imposisyon ng pananakop ng Hapon ay masyadong malupit, dahil ang pananakop na nagtapos pagkaraan lamang ng halos apat na taon ay nagdulot ng pagkawasak sa kultural na pamana ng bansa na ipinundar sa nakaraang apat na dantaon nitong kolonyal na kasaysayan sa ilalim ng Espanya at Estados Unidos. Higit sa lahat, nagdulot at nag-iwan ito ng walang lunas na dusa at sakit—pisikal, emosyonal, espiritwal—sa Filipino.

Sanggunian

- AIUEO No Uta."(n.d.). [Sheet music]. UP Main Library Special Collections. UP Diliman Main Library: Quezon City.
- Ano ang Kalibapi? [What is the Kalibapi?]*. (n.d.). Manila, Philippines: Department of Public Information.
- Awit sa paglikha ng bagong Pilipinas. (1942). [Sheet music]. Manila, Philippines: Manila Shinbun-Sya.
- Agoncillo, T. (1965). *The fateful years: Japan's adventure in the Philippines, 1941-45*, 2 Volumes. Quezon City, Philippines: University of the Philippines Press.
- Bataan death march. (N.d.). Retrieved from (https://en.m.wikipedia.org/wiki/Bataan_Death_March).
- Cappia ken wayawayaya* (n.d.). Manila: Departamento ti Interior. UP Main Library Special Collections. UP Main Library Special Collections. UP Diliman Main Library: Quezon City.
- Confesor, T. (1945). *Notes on post-war reconstruction and rehabilitation*. Manila, Philippines: Bureau of Printing.
- Dai ati ng Kalibapi. (n.d.). [Music sheet]. UP Main Library Special Collections. UP Diliman Main Library: Quezon City.
- Hotta, E. (2013). *Japan 1941: Countdown to infamy*. NY, USA: Vintage Books.
- Japanese song series*, (book two). (n.d.). Manila, Philippines: Department of Education, Health and Public Welfare.
- Kalinaw ug kagawasan* (n.d.). Manila: Departamento sa Interior. UP Main Library Special Collections. UP Diliman Main Library: Quezon City.
- Kapayapaan at kalayaan* (n.d.). UP Main Library Special Collections. UP Diliman Main Library: Quezon City.
- Kushner, B. (2006). *The thought war: Japanese imperial propaganda*. Hawaii, USA: University of Hawai'i Press.
- Lane, M at Osias, C. (Trans). (1932). Himno Nacional. *Progressive music series*. New York, USA: Silver, Burdett and Company.
- Lupalop ng magkakasamang kasaganaan sa lalong malaking Silangang Asya*. (1943). Maynila, Pilipinas: Kawanihan ng Pagbabalita at Katiwasayang-Bayan Kagawarang Panloob.
- Mojica, P. (1965). *Terry's hunters (The true story of the hunters ROTC guerrillas)*. Manila, Philippines: Benipayo Press.
- Music book series, 2 vols*. (n.d.). UP Main Library Special Collections. UP Diliman Main Library: Quezon City.
- Noble. (1999). The eventful 20th century: The world at war, 1939-45. *Readers' Digest*. Barcelona, Spain: Reader's Digest.
- Official journal of the Japanese military administration*, Vol. 1. (1942). UP Main Library Special Collections. UP Diliman Main Library: Quezon City.
- Official journal of the Japanese military administration*, Vol. 2. (1942). UP Main Library Special Collections. UP Diliman Main Library: Quezon City.
- Official journal of the Japanese military administration*, Vol. 3. (1942). UP Main Library Special Collections. UP Diliman Main Library: Quezon City.
- Romulo, C. P. (1943). *I saw the fall of the Philippines*. NY, USA: Doubleday, Doran and Company.
- Samson, H. (1976). *Contemporary Filipino composers: Biographical interviews*. Quezon City, Philippines: Manlapaz Publishing Company.

Shin seiki—Bagong araw—New era, January, 2603. (1943). Manila, Philippines: Manila Sinbun-Sya.
The greater East Asia joint declaration. (1943). Tokyo, Japan: Mainichi Shimbun-Sha. UP Main Library
Special Collections. UP Diliman Main Library: Quezon City.

Notes

¹Isang islogan na pandigmaan. Unang binanggit sa isang talumpati ang *Hakk Itiu* [Ichiu] (“Eight corners, one roof” or ayon sa talumpati, “universal brotherhood”) noong 29 Abril 1942. [hakk ichiu— “all the world under one roof.”] Makikita ang limbag na talumpati, “On the Auspicious Occasion of the Celebration of the Emperor’s Birthday,” sa *The Official Journal of the Japanese Military Administration*, Vol. 3 (1942, pp. iii-vi)

²Ang saling ito sa Filipino ay batay sa titulo ng monograpo na may parehong pamagat. Mula sa Monograpo na *Lupalop ng Magkakasamang Kasaganaan sa Lalong Malaking Silanganga Asya* (1943).

³Natapos ang giyera sa Filipinas noong 3 Setyembre 1945; 12 Setyembre sa Singapore at Malaysia; 13 Setyembre sa Thailand at Myanmar (Burma)]

⁴Tinatayang 60,000 hanggang 80,000 ang sumukong puwersang Filipino at Amerikano, at mahigit-kumulang 18,000 rito ang namatay sa Bataan Death March (“Bataan Death March, n.d.) .

RAUL C. NAVARRO, PhD is currently Professor and Chair of the Conducting and Choral Ensemble Department of the University of the Philippines College of Music. In 2008, he received the National Book Award (History Category) for his first book, *Kolonyal na Patakaran at ang Nagbabagong Kamalayang Filipino: Musika sa Publikong Paaralan sa Filipinas, 1898-1935*, published by the Ateneo University Press in 2007 (corresponding author: rcnavarro@up.edu.ph)

